Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

31 Agosto 2025 | Ika-22 Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon K

# Ang Kadakilaan sa Likod ng Kababaang-Loob



*Sa Linggong ito, inaanyayahan tayo ng Salita ng Diyos na magnilay sa masamang bunga ng pagmamataas at sa kahalagahan ng kababaang-loob. Pagmamataas ay siyang nagsadlak kay Satanas sa impiyerno. Pagmamataas at ambisyon ang nag-udyok kina Adan at Eva na sumuway sa Diyos.*

*Dulot ng pagmamataas sa mga tao ang napakaraming pagdurusa. Ang kasalungat nitong KABABAANG-LOOB ay nagdudulot naman ng galak, kapayapaan, at pampasigla sa lahat. Para sa mga may mababang loob, lahat ng mabuti nilang katangian ay kaloob ng Diyos, at bawat tagumpay ay nagmumula sa Kanya.*

*Sa pagdiriwang natin ngayon ng Eukaristiya, idalangin natin ang biyayang maging tunay na mababang loob. Ang kababaang-loob ang tunay na batayan ng kadakilaan sa mata ng Diyos.*

## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**D'yos ko, ako'y kahabagan sa maghapong panawagan. Dulot mo'y kapatawaran sa lahat ng nagdarasal dahil lubos kang magmahal.** ***(Sal 86:1-3)***

### Pagbati

***P*** –Sumainyo ang Panginoon.
***B*** – **At sumaiyo rin.**

### Pagsisisi

***P*** – Mga kapatid, pagsisihan natin ang ating mga kasalanan upang maging karapat-dapat sa pagdiriwang ng banal na paghahaing ito. *(Manahimik sandali.)*

***P*** –Sinugong tagapagpagaling sa mga nagsisisi. Panginoon, kaawaan mo kami.
***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P*** –Dumating na tagapag-anyaya mga makasalanan ay magsisi. Kristo, kaawaan mo kami.
***B*** – **Kristo, kaawaan mo kami.**

***P*** –Nakaluklok ka sa kanan ng Diyos Ama para ipamagitan kami. Panginoon, kaawaan mo kami.
***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
***B*** – **Amen.**

### Papuri

***B*** – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

### Panalanging Pambungad

***P*** –Ama naming makapangyarihan, tanang pinakamabuti'y iyong tinataglay. Gawin mong sa aming kalooba'y manuot ang pag-ibig sa iyong ngalang dakila

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

at bantog upang sa pag-unlad ng aming pagsunod sa pananampalatayang iyong ipinagkaloob, mapagyaman mo ang kabutihang iyong inihandog at ang iyong pinagyaman ay mapanatili mong lubos sa iyong pagsubaybay sa amin at pagkupkop sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* – Amen.**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa**
***Ecc 3:17-18.20.28-29***

*Ang kababaang-loob, pananabik sa tunay na karunungan, at pagiging bukas-palad ay mga kabaitang itinatampok ng matatandang pantas noong araw tulad ni Sirak. Ang payo niya'y tunay na angkop maging sa ating panahon, pagkat ang mga kabaitan niya'y mga pagpapahalagang panghabangpanahon.*

***L* –** Pagbasa mula sa Aklat ni Sirak

**Anak ko, maging mapagpakumbaba ka sa pagtupad ng tungkulin, at mamahalin ka ng mga malapit sa Diyos. Habang ikaw'y dumadakila, lalo ka namang magpakumbaba; sa gayo'y kalulugdan ka ng Panginoon. Huwag mong hangaring maunawaan ang mga bagay na lampas sa iyong kakayahan, huwag mong saliksikin ang hindi mo kayang malaman.**

**Nalilimi ng matinong tao ang mga talinghaga. Nawiwili silang makinig pagkat nais nilang matuto. Kung ang tubig ay nakamamatay ng apoy, ang paglilimos ay nakapapawi ng kasalanan.**


Ang Salita ng Diyos.


***B* – Salamat sa Diyos.**

**Salmong Tugunan**
***Salmo 67:4-5ak.6-7ab.10-11***

***B* –*Poon, biyaya mo'y bigay sa mahirap naming buhay!***

*R. M. Velez*




*** Ang lahat ay nagagalak, natutuwa ang matuwid; sa harapan nitong Diyos, galak nila'y di malirip. Awitan ang Panginoon, purihin ang kanyang ngalan. Ang pangalan niyang banal, magalak na papurihan. *B.***

*** Ang Diyos na naroroon sa tahanan niyang templo, tumitingin sa ulila't sanggalang ng mga balo. May tahanan siyang laan sa sinumang nalulungkot, ang bilanggo'y hinahango upang sila ay malugod. *B.***

*** Dahil sa 'yo, yaong ulang masagana ay pumatak, lupain mong natuyo na'y nanariwa at umunlad. At doon mo pinatira yaong iyong mga lingkod, ang mahirap nilang buhay sa biyaya ay pinuspos. *B.***

**Ikalawang Pagbasa**
***Heb 12:18-19.22-24***

*Si Hesus ang tagapamagitan sa Bagong Tipan, ang bagong pakikipag-ugnayan sa Diyos na tinatampukan hindi ng takot, kundi ng pagtitiwala at pakikiisa sa mga anghel at mga santo.*

***L* –** Pagbasa mula sa Sulat sa mga Hebreo

**Mga kapatid: Hindi kayo lumapit, gaya ng paglapit ng mga Israelita, sa isang bundok na nakikita sa Bundok ng Sinai na may nagliliyab na apoy, balot ng pusikit na kadiliman, may malakas na hangin, may tunog ng trompeta, at tinig na nagsasalita. Nang ang tinig na ito'y marinig ng mga tao, isinamo nilang tumigil iyon ng pagsasalita sa kanila.**

**Ang nilapitan ninyo'y ang Bundok ng Sion at ang lunsod ng Diyos na buhay, ang Jerusalem sa langit, na kinaroroonan ng di-mabilang na anghel. Lumapit kayo sa masayang pagkakatipon ng mga ibinilang na panganay, na nakatala sa langit. Lumapit kayo sa Diyos na hukom ng lahat, at sa mga espiritu ng mga taong banal na naroon na sa dakong inilaan sa kanila ng Diyos. Lumapit kayo kay Hesus, ang tagapamagitan ng bagong tipan.**

Ang Salita ng Diyos.

***B* – Salamat sa Diyos.**

**Aleluya** ***Mt 11:29***

***B* – Aleluya! Aleluya!**
**Sabi ni Hesus na mahal:**
**"Dalhin n'yo ang aking pasan;**
**kaamuan ko'y tularan."**
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** ***Lu 14:1.7-14***

*Si Hesus ang ganap na uliran ng kababaang-loob at pagiging bukas-palad. Nais niyang isabuhay ang mga ito ng kanyang mga alagad. Ang nasaksihan niyang pag-uunahan sa lugar ng karangalan ay nagbigay sa kanya ng pagkakataon para ikintal ang ganitong mga kabaitan sa mga panauhin at sa atin.*

***P* –** Sumainyo ang Panginoon.

***B* – At sumaiyo rin.**

***P* –** Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

***B* – Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Isang Araw ng Pamamahinga, si Hesus ay inanyayahang kumain sa bahay ng isang pinuno ng mga Pariseo; at binabantayan nilang mabuti ang kanyang mga kilos.**

**Napansin ni Hesus na ang pinipili ng mga inanyayahan ay ang mga upuang nakalaan sa mga piling panauhin. Kaya't sinabi niya ang talinghagang ito: "Kapag inanyayahan ka ninuman sa isang kasalan, huwag mong pipiliin ang tanging upuan. Baka may inanyayahang lalong tanyag kaysa iyo. At lalapit ang nag-anyaya sa inyong dalawa at sasabihin sa iyo, 'Maaari bang ibigay ninyo ang upuang iyan sa taong ito?' Sa gayo'y mapapahiya ka at doon malalagay sa pinakaabang upuan. Ang mabuti, kapag naanyayahan ka, doon ka maupo sa pinakaabang upuan, sapagkat paglapit ng nag-anyaya sa iyo ay kanyang sasabihin, 'Kaibigan, dini ka sa kabisera.' Sa gayon, nabigyan ka ng malaking karangalan sa harapan ng mga panauhin. Sapagkat ang nagpapakataas ay ibababa, at ang nagpapakababa ay itataas."**

**Sinabi naman ni Hesus sa nag-anyaya sa kanya: "Kapag naghahanda ka, huwag ang mga kaibigan mo, mga kapatid, mga kamag-anak o mayayamang kapitbahay ang aanyayahan mo, sapagkat aanyayahan ka rin**

**nila, at sa gayo'y nagantihan ka. Kaya kung ikaw ay maghahanda ng isang malaking salu-salo, ang mga pulubi, mga pingkaw, mga pilay, at mga bulag ang anyayahan mo. Hindi sila makagaganti sa iyo at sa gayo'y magiging mapalad ka. Gagantihan ka ng Diyos sa muling pagkabuhay ng mga banal."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

*B* – **Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

### Homiliya

### Sumasampalataya

*B* – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.

### Panalangin ng Bayan

*P* – Turo sa atin ngayon ng Salita ng Diyos ang kababaang-loob at pagiging mapagbigay. Manalangin tayo sa pagkakamit natin ng biyaya ng kababaang-loob at kabukasang-palad:

*B* – **Panginoon, dinggin Mo kami!**

* Panginoon, itinatag mo ang Simbahan upang maging kasangkapan ng kaligtasan para sa lahat. Matupad niya nawa ang kanyang misyon nang buong kababaang-loob at katapatan. Manalangin tayo! ***B.***

* Panginoon, ibinigay mo sa Santo Papa at lahat ng mga pinunong relihiyoso ang tungkuling ipangaral ang Mabuting Balita sa salita at sa gawa. Sila nawa'y magsumikap sa pagtatatag ng iyong Kaharian sa mga puso ng lahat ng tao. Manalangin tayo. ***B.***

* Nagtatag ka ng mga kapangyarihang sibil upang itaguyod ang kapakanang pangkalahatan. Nawa isulong ng mga hinalal ng bayan ang katarungan, kapayapaan, at kagalingan ng lahat ng mamamayan sa halip ng sarili nilang interes. Manalangin tayo. ***B.***

* Tinulutan mong magtamo ng mga tanging kaunlarang pangkabuhayan at panteknolohiya ang ilang mga bansa. Nawa'y tumulong ang kanilang mga pinuno sa mga bansang nagsisimula pa lamang lumago, sa diwa ng pakikipagtulungan. Manalangin tayo. ***B.***

*P* – Panginoong Hesus, tinuruan mo ang iyong mga alagad kung paanong magpakumbaba at maging mapagbigay sa pamamagitan ng pagiging lingkod ng lahat sa pagbubuwis ng buhay mo para sa kaligtasan ng sangkatauhan. Nawa tularan namin ang iyong halimbawa at sa gayo'y makabahagi sa iyong buhay na walang hanggan.

*B* – **Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

*P* – Manalangin kayo . . .

*B* – **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

*P* – Ama naming Lumikha, ang banal na paghahain ay lagi nawang magdulot ng iyong pagbabasbas na sa ami'y tumutubos upang ang ginaganap mo sa aming pagdiriwang ay maging lubos na pagkakaloob ng iyong pagmamahal sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

*B* – **Amen.**

### Prepasyo II

*P* – Sumainyo ang Panginoon.

*B* – **At sumaiyo rin.**

*P* – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

*B* – **Itinaas na namin sa Panginoon.**

*P* – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.

*B* – **Marapat na siya ay pasalamatan.**

*P* – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Lubhang nabagbag ang kanyang loob sa pagkakamali ng tao sa sansinukob, kaya't minabuti niyang siya'y ipanganak ng Birheng bukod mong pinagpala sa babaing lahat. Sa labi ng imbing kamatayan kami ay inagaw ng namatay mong Anak. Sa pagkabuhay niya, kami'y kanyang binuhay upang kaugnayan namin sa iyo'y huwag magwakas.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

*B* – **Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan.**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan.**

### Pagbubunyi

*B* – **Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain bilang pagkai't inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya'y dumating.**

## PAKIKINABANG

*B* – **Ama namin . . .**

*P* – Hinihiling namin . . .

*B* – **Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman. Amen.**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

*B* – **Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin.** (2×)

**Kordero ng Diyos na nag-aalis**

**ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P* –** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B* – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Kahanga-hangang lasapin ang pagkupkop mo sa amin, ito'y iyong inilihim nang dito'y pakinabangin tanang sa 'yo'y gumigiliw.** *(Sal 31:20)*

### Panalangin Pagkapakinabang

***P* –** Ama naming mapagmahal, kaming nagsalu-salo sa pagkain mong bigay ay humihiling ng lakas mong inilalaan upang ang kagandahang-loob nami'y madagdagan sa paglilingkod namin sa iyong kadakilaan na nagpapaalab sa pag-ibig namin sa kapwa tao sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* – Amen.**

### PAGWAWAKAS

***P* –** Sumainyo ang Panginoon.

***B* – At sumaiyo rin.**

***P* –** At ang pagpapala ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo ay sumainyo at manatili sa inyo magpakailanman.

***B* – Amen.**

***P* –** Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.

***B* – Salamat sa Diyos.**

## Sinong Kawawa? Sinong Dakila?

*Kalakbay at Katoto*

**Malupit ang mundo sa pagpapasya tungkol sa kapwa**. Mabilis ang daigdig na maghusga sa tao. At mabilis manukat ng kakayahan ang sinuman kung ang pinag-uusapan ay kadakilaan. At ano ang panukat?

Hindi na tayo dapat magmaang-maangan pa. Ang panukat ay siya ring madaling nasusukat, nakikita, napipisil, naibubunton, at naisasalansan. Tanyag ang taong marami ang kakayahan, magara ang kotse, malaki at malapalasyo ang bahay, makapal ang pitaka, at matayog ang narating sa buhay. Dakila ang tingin ng balana sa taong may sinasabi, sa mga taong sa wika ng Wowowee ay "bigatin." At hindi lamang iyan … higit na dakila ang taong ang kinasasalamuha ay dakila rin at bigatin sa mata ng madla.

Hindi nakapagtatakang ang talinghaga ng Panginoon sa araw na ito ay may kinalaman sa mga taong ang nais ay sila ay tingalain, kilalanin, at ipagpitaganan ng tanan. At ano ang pinakamadaling paraan upang makamit ito? Sinagot na rin ng talinghaga … umakyat at manguyabit, gumapang at magkumapit sa tabi ng mga antemano ay nasasa itaas na. Garapal ang gamit na salitang tagalog para sa mga taong ito … makapal, sipsip, mayabang, at duhapang.

**Sa hanay ng makamundong pagpapahalaga, ang dakila ay ang matayog. Ang dakila ay ang tinitingala.** Ang dakila ay ang nasa gawing itaas, nasa rurok ng tagumpay, at nasa alapaap ng katanyagan.

Ito ang dahilan kung bakit nagpupumilit tayong lahat na hindi maiwan sa kababaan, sa kahulihan. Ito rin marahil ang dahilan kung bakit ang mga nagpapabinyag ay nagkaroon ng pamahiing itakbong palabas ang bagong binyag na bata. Sa kanilang pakiwari, kawawa ang kulelat; kahabag-habag ang nasa ilalim at walang kakayahan, at walang sinasabi sa buhay.

Sa ating lipunan, bata pa ay tinuturuan nang kawawa ang mababa, kawawa ang huli, at walang kinabukasan ang mga nasa ilalim ng bunton. Ngunit sino nga ba ang kawawa at sino nga ba ang dakila?

**Ayon sa ating mga pagbasa, ang dinadakila ng daigdig ay hindi siyang pinararangalan ng Diyos. Sino ang dakila ayon sa Panginoon?**

**Una sa lahat, malinaw sa aklat ni Sirac na ang bigatin sa mata ng Diyos ay ang mababa ang loob.** Higit na pinahahalagahan ng Diyos ang taong kumikilos nang may kababaang-loob. Higit siyang mamahalin kaysa sa taong naghahatid at nagkakaloob ng mga regalo. Malinaw ang tagubilin ni Sirac: *"Ang bagay na lubhang mataas ay huwag hanapin; ang bagay na lampas sa kakayahan ay huwag pagsikapan."*

**Sinong dakila? … Dakila ang mapagpakumbaba; kawawa ang mapagmataas at mapag-imbot.**

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

**Ikalawa, ang daigdig ay palamata sa mga walang kaya, sa mga walang tinig sa lipunan, mga taong hindi kailanman pag-uukulan ng atensyon ng balana. Nguni't malinaw sa kasulatan na dakila ang mga ulila, ang mga nagtatanggol sa mga balo, ang mga kinaligtaan nang lubos ng lipunan**. Dakila sila sapagka't ang umaakong Ama nila ay walang iba kundi ang Diyos sa kanyang banal na tirahan. Ito ang dahilan kung bakit ang mga itinuring na kawawa ng lipunan ang siyang tanging may kadahilanang humiyaw: "Panginoon, sa iyong kabutihan, ay gumawa ka ng tirahan para sa mga dukha" (Salmong Tugunan).

**Sinong dakila? Dakila ang mga taong kinikilala ng Diyos nang higit sa lahat.**

Subali't dapat nating tanungin … sino ba ang kinikilala ng Diyos? Sino ang dakila? Ang dakila ay ang taong palibhasa'y salat ay bukas na bukas ang puso at handang tumanggap. Ang dakila ay ang taong palibhasa ay walang-wala ay lubos na nakahandang tumanggap ng anuman mula sa Diyos … walang pili-pili … walang pagiging maselan at pihikan. **Ang dakila ay siyang sapagka't hindi puno ng sarili ay mayroong puwang upang punuin ng Diyos.** Sa kanila winiwika ni Kristo ang dakilang paanyaya: *"Tanggapin ang aking pamatok at mag-aral sa akin, sapagka't ako ay maamo at mababa ang puso."*

Sino ang kawawa? Ang kawawa ay mga taong puno ng pabigat na makamundo. **Sino ang dakila? Ang dakila ay siyang may pas-ang pamatok ni Kristo. Mabigat ang pasan ng palalo ng mundo. Magaan ang pasanin ng taong tulad ni Kristo ay mababa ang loob.**

**Sa araw na ito, malapit ang Diyos sa mga walang sinasabi sa daigdig**. At lubhang malapit ang Diyos sa taong ang naisin ay mapabilang sa mga walang sinasabi, mga taong ang layon sa buhay ay magpas-an ng pamatok ni Kristo at matuto sa kanyang halimbawa – at maging tulad niyang lubos sa kababaang-loob.

**Huwag na nating itanong sa araw na ito kung sino ang kawawa**… Hindi na para sa atin ang maghusga kung sino ang kawawa sa mundong ito. **Ang dapat natin tanungin ay kung sino ang dakila sa mata ng Diyos, sapagka't itong kadakilaang ito ang maaari pa nating pagsikapan at kamtin.** Malinaw ang sagot ng Ebanghelyo. *"Ang nag-aangat sa sarili ay ibababa, at ang nagbababa sa sarili ay iaangat."*

**Sino ang dakila? Siyang dinadakila ng Diyos na kanyang pinagwiwikaan: *"Amice, ascende superius!"* (kaibigan, umakyat ka pa nang kaunti sa itaas).**